# Anong Kailangan Ninyong Malaman para Matulungan ang Inyong Mga Anak sa Paaralan

Mga Gabay ng Magulang, Tagabantay, at Tagapagbigay ng pangangalaga


**Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong Tagubilin**
**(Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI)**
**http://www.k12.wa.us/**






Kung ang pamilya mo ay nasa isang pansamantala o hindi maayos ang pamumuhay dahil sa pagkawala ng bahay, ang mga anak mo ay karapat-dapat para sa ilang mga karapatan at serbisyong pang-edukasyon.

"Mga Mag-aaral"|NCHE

## LOKAL LIAISON

Paula Bates, Program Manager
Pullman School District
240 SE Dexter
Pullman, WA 99163
509-332-3144

## COORDINATOR NG ESTADO PARA SA EDUKASYON NG MGA TAONG WALANG TIRAHAN (STATE COORDINATOR FOR HOMELESS EDUCATION)

**Pambansang Sentro para sa Edukasyon Ng Mga Taong Walang Tirahan**

http://nche.ed.gov
800-308-2145
homeless@serve.org

NCHE National Center for Homeless Education at SERVE

## Karapat-dapat para sa Mga Serbisyo ng McKinney-Vento

### Kung ang pamilya mo ay nakatira sa:

- nasa isang shelter
- sa motel o campground dahil sa kawalan ng alternatibong sapat na matutuluyan
- sa kotse, garahe, abandonadong gusali, o bus o istasyon ng tren
- nakikisama sa iba pang tao dahil sa pagkawala ng pabahay o kahirapan sa buhay

maaaring makatanggap ang anak mo ng tulong mula sa batas pederal na tinatawag na McKinney-Vento Act.

### Ang mga anak mong karapat dapat sa McKinney-Vento ay may karapatan na:

- makatanggap ng libre, naaangkop na pampublikong edukasyon.
- kaagad na makapag-enroll sa paaralan, kahit na kulang sa mga dokumento na kailangan para makapag-enroll.
- makapag-enroll sa paaralan at dumalo sa mga klase habang iniipon ng paaralan ang mga kailangang dokumento.
- i-enroll sa malapit na paaralan; o patuloy na dumalo sa paaralan kung saan ka galing (paaralan kung saan sila napasok at permanenteng nakatira o ang paaralan kung saan sila huling naka -enroll), kung iyan ang gusto mo. *Kung ang distrito ng paaralan ay naniniwalang ang pinili mong paaralan ay hindi ang pinakamainam para sa mga anak mo, kailangang magbigay ang distrito ng nakasulat na paliwanag ng posisyon nito at ipaalam sa iyo ang inyong karapatan na i-apela ang desisyon nito.
- makatanggap ng transportasyon mula at papunta sa paaralan, kung hihilingin mo ito.
- makatanggap ng mga serbisyong pang-edukasyon na maikukumpara sa mga ibinigay sa ibang mag-aaral, ayon sa mga pangangailangan ng inyong mga anak.



# Mga Madalas Itanong

### Kapag lumipat kami, dapat bang duon ko pa rin papasukin ang aking anak o ilipat ang aking anak sa lokal na paaralan?

Ang paglipat lipat ng paaralan ng mga bata ay nakakainis para sa kanila. Kailangan nilang iwanan ang kanilang mga kaibigan at guro na kilala nila makipagkilala sa mga bagong kaibigan, guro, at klase. Dahil dito, mas mainam para sa inyong anak ang manatili sa kanilang paaralan (ang paaralan kung saan sila nag-aaral), kahit na lumipat ka sa ibang lugar.

Narito ang mga ilang katanungan na kailangang pag-isipan kapag magpapasya kung kailangang manatili ng inyong anak sa kaparehong paaralan o lumipat sa bagong paaralan kung saan kayo nakatira:

- Ilang taon na ang inyong anak?
- Gaano ka-permanente ang kasalukuyang kondisyon ng inyong paninirahan? Plano mo rin bang bumalik malapit sa paaralan kung saan dating pumapasok ang anak mo o iniisip mong manatili sa kasalukuyan ninyong tinitirhan?
- Malapit ba ang inyong anak sa kanilang dating pinapasukan? Ang nakatatandang anak ay masyadong napamahal sa kanyang dating paaralan at/o magtatapos na ay maaaring mahirapan sa paglipat sa mga paaralan.
- Gaanong nababalisa ang inyong anak dahil kailangan ninyong lumipat? Napakalaking pagbabago ba ang paglipat ng paaralan?
- Ang paglipat ba ng paaralan ng inyong anak ay maaaring maging sanhi ng pagkahuli at magkaroon ng hindi magandang grado?
- Ito ba ang tamang oras para sa inyong anak na lumipat ng paaralan, tulad ng sa katapusan ng semestre o pasukan, matapos ang pagsusulit, o matapos ang kaganapan na mahalaga para sa inyong anak?
- Ilang oras ang kailangang gugulin ng inyong anak papunta at pauwi mula sa dating pinapasukang paaralan? Ang mahabang biyahe ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa pag-aaral ng inyong anak.
- Mayroon bang mga problemang pang-kaligtasan na kailangang isipin sa pagpili ng paaralan na papasukan ng inyong anak?

## Paano kung mayroong hindi kami pagkasunduan ng paaralan kung saan mag-aaral ang aking anak?

Kung ikaw at ang paaralan ay hindi nagkasundo, kailangang sabihin ng distrito ng paaralan sa pamamagitan ng sulat kung bakit kailangang pumasok ang inyong anak sa ibang paaralan kaysa sa gusto ninyo. Kailangan ding sabihin ng distrito sa pamamagitan ng sulat kung paano ninyong i-a-apela ang desisyong ito. Maaari pa ring mag-enroll ang inyong anak sa, pumasok, at lumahok sa paaralan na sa tingin ninyo ay pinaka-mainam para sa inyong anak habang inaayos pa ang hindi pagkakasundo.

## Sino ang maaari kong kontakin na makakatulong sa edukasyon ng aking anak?

- Ang bawat distrito ng paaralan ay mayroong **lokal na liaison para sa edukasyon ng mga taong walang tirahan**. Ang taong ito ay makakatulong sa inyo na magpasya kung saang paaralan ang pinakamainam para sa inyong anak at makipag-usap sa paaralan. Ang lokal na liaison ay makakatulong din sa inyong anak na makakakuha ng mga gamit sa paaralan, mga tulong na serbisyo, at libreng pagkain sa paaralan; makapag-set up ng transportasyon mula at papunta sa paaralan; at matulungan kayo na makahanap ng mga suportang pang-komunidad.
- Kapag na-enroll mo ang inyong anak sa bagong paaralan, sabihan mo na gusto mong makita at makausap ang kanyang **(mga)guro**. Kailangan mo ring madalas na kausapin ang (mga)guro ng inyong anak para malaman ang kalagayan ng inyong anak. Kilalanin kahit isang guro ng inyong anak sa paaralan para makapagtanong tungkol sa mga takdang aralin ng inyong anak at mabigyan siya/sila ng impormasyon na makakatulong para matuto ang inyong anak.
- Ang **tagapayo ng paaralan** ay makakatulong sa inyong anak na harapin ang mga pagbabago at pagsubok. Ibahagi sa taong ito ang anumang impormasyon tungkol sa kilos ng inyong anak sa bahay, o mga bagay na ginagawa niya na maaaring makaapekto sa kanyang mga gawain sa paaralan.
- Ang iba pang tamang tao na makilala ay ang prinsipal ng **paaralan**, **attendance officer**, **drayber ng bus**, **social worker ng paaralan**, at **nars ng paaralan**.
- **Ang lahat ng paaralan at kawani distrito ng paaralan** ay makakatulong para masiguro na makukuha ng inyong anak ang lahat ng mga serbisyo na kinakailangan upang maging magaling sa paaralan.



## Anong mga tanong ang dapat kong itanong tungkol sa mga serbisyo sa ilalim ng McKinney-Vento Act?

- Sino ang lokal na liaison para sa edukasyon ng mga taong walang tirahan? Paano ko sila makokontak?
- Ano ang available na transportasyon para manatili ang aking anak sa dating paaralan (paaralang pinagmulan)?
- Kapag lumipat ng paaralan ang aking anak, sino ang mabilis na makakatulong para sa paglilipat ng mga rekord sa bagong paaralan?
- Paanong makakatanggap ng libreng pagkain ang aking anak sa paaralan?
- Paanong makakatanggap ng libreng gamit sa paaralan ang aking anak, kung kinakailangan?
- Sinong makakatulong kung kinakailangan ng aking anak ng espesyal na mga serbisyong pang-edukasyon? Gaano kabilis maaaring ma-setup ang mga serbisyong ito?
- Anong tulong akademiko ang available para sa aking anak, tulad ng mga programang Titulo I o pagtuturo matapos ang klase?
- Anong mga programa ang makakatulong sa aking anak para mabuo ang kanyang talento at masabi ang kanyang mga kakaibang pangangailangan?
- Mayroon bang mga isport, musika, o iba pang mga aktibidad na available para sa aking anak?
- Paanong makakasama sa mga class field trips o makalahok sa ibang mga aktibidad ng paaralan ang aking anak kung hindi ko ito kayang bayaran?
- Mayroong bang preschool na programa para sa aking mas nakababatang mga anak?

## Anong magagawa ko para matulungan ang aking anak sa paaralan?

- Siguraduhing pumapasok sa paaralan araw-araw ang inyong anak at makapagpahinga pag-uwi at makakain.
- Mabigyan ng tahimik na lugar ang inyong anak para magawa ang kanilang takdang aralin, at maglaan ng oras para matulungan ang inyong anak sa kanilang takdang aralin.
- Bigyang atensyon ang mga pangangailangang pangkalusugan ng inyong anak at maagang matugunan ang mga ito.
- Tanungin ang inyong anak kung anong natutunan nila sa paaralan. Hayaan silang ipaliwanag ang mga ito sa inyo. Kung nagpapakita kayo ng interes sa edukasyon ng inyong anak, malalaman nila na mahalaga ito.
- Basahan ng libro ang inyong anak araw-araw. Para sa mas matatandang mga anak, maglaan ng oras kada araw para sa inyo at inyong anak para tahimik na magbasa nang magkasama. Pag-usapan ang inyong binasa.
- Purihin ang inyong anak sa kanilang magandang nagawa, tulad nang nakuhang magandang grado o paglalaro ng pang-pangkat na isport sa paaralan.
- Makinig sa ibinabahagi ng inyong anak at pag-usapan ang anumang mga problema na mayroon sila. Maaari din ninyong sabihin ang mga problemang ito sa guro o tagapayo ng paaralan.
- Hikayatin ang inyong anak na makilahok sa mga bagay tulad ng isport at musika.

### Ang Mga Magagandang Tanong Ay Nakakagawa Ng Mga Magagaling Na Mambabasa

**Tanungin ang inyong anak kung bakit ang pagbabasa ay nakakatulong para maging magaling mag-isip**

**Para sa mga istorya (kathang-isip):**

- ◆ Anong nangyari? Anong sa tingin mo ang susunod na mangyayari? Bakit?
- ◆ Sino ang pangunahing bida? Gusto mo ba sila? Bakit? Gagawin mo rin ba ang ginawa nila? Kung hindi, anong magagawa mo?
- ◆ Anong naramdaman mo sa istoryang ito?

**Para sa informational na materyal (hindi kathang isip):**

- ◆ Tungkol saan ang artikulo o tsapter? Magtanong hanggat maaari ng pinakaraming mga detalye.
- ◆ Ano sa tingin mo ang pangunahing punto ng may-akda?
- ◆ Anong bahagi ang pinaka-interesado ka?
- ◆ Bakit sa tingin mo mahalaga ang impormasyong ito?



## MGA PINAGKUKUNAN MULA SA NCHE

### Toll-free Linya ng Tulong: 800-308-2145 o homeless@serve.org

Maaaring ipaliwanag ng NCHE ang mga karapatan ng inyong anak sa paaralan at kung paanong makontak ang lokal na liaison sa distrito ng inyong paaralan. Matutulungan kayo ng lokal na liaison na ma-enroll ang inyong anak sa paaralan at masigurong matatanggap ng inyong mga anak ang mga kinakailangan nilang tulong.

### Website: http://nche.ed.gov

Mayroong napakaraming magagandang impormasyon ang website ng NCHE, kabilang ang webpage para sa mga magulang na gustong matulungan ang kanilang mga anak sa paaralan:

https://nche.ed.gov/ibt/parent_res.php.

### Pack pocket folder ng magulang

Ang Parent Pack Pocket Folders ay mga folder kung saan maaari ninyong itago ang mahahalagang mga rekord at papel na may kaugnayan sa pag-aaral ng inyong anak. Ipinapaliwanag din ng folder ang mga karapatang pang-edukasyon ng inyong mga anak sa sitwasyon ng pagkawala ng matitirhan.

Mag-order ng mga folder na ito ng libre sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-308-2145 o pagbisita sa https://nche.ed.gov/online_order.php.

